## Inilalarawan sa ibaba ang mga bakuna (mga shot) at screening na maaaring bahagi ng mga pagbisita ng provider ng iyong anak.

Ang lahat ng mga tagubilin na pinatutupad ng Molina ay mula sa American Academy of Pediatrics, Advisory Committee of Immunization Practices, U.S. Preventive Services Task Force, at Centers for Disease Control and Prevention.

**Diphtheria, Tetanus, Pertussis (DTap)** – Mga sunod-sunod na shot upang protektahan ang mga bata sa pagkakaroon ng mga lubhang nakakahawang sakit na sanhi ng baktirya na diphtheria, tetanus, o pertussis (tusperina). Noong wala pa tayong makukuhang shot tulad nito, maraming bata ang namamatay dahil sa mga impeksyong ito.

**Meningococcal na Bakuna** – Mga sunod-sunod na shot upang protektahan ang mga bata sa pagkakaroon ng impeksyon sa daluyan ng dugo o meningitis (impeksyon ng mga tissue sa paligid ng utak), o pareho. Ito ay labis na nakakahawang karamdaman na maaaring mapanganib.

**Trangkaso (Flu)** – Isang shot kada taon upang protektahan ang mga batang 6 buwan at pataas sa pagkakaroon ng trangkaso. Inaalok na magsisimula kada Taglagas. Lalong mahalaga para sa ating mga anak na mayroong asthma at iba pang malulubhang problema sa kalusugan.

**Human Papilloma Virus (HPV)** – Mga sunod-sunod na shot upang maiwasan ang mga genital wart at iilang uri ng kanser. Napakaepektibo kapag ibinigay sa panahon ng pagkabata. Ang ika-1 dose ay ibibigay sa mga batang 9-10 taong gulang.

**Hepatitis B** – Isang screening upang masuri ang panganib ng Hepatitis B na isasagawa sa bawat well exam mula pagsilang hanggang 20 taon. Ang sakit na ito ay maaaring mauwi sa pagkasira ng atay, kanser sa atay, o kamatayan. Kung hindi pa nabigyan ang anak ng sunod-sunod na shot upang maiwasan ang karamdamang ito, ibibigay ang mga catch-up shot.

**Hepatitis C** – Isang screening na isasagawa para sa impeksyon na sanhi ng isang virus na umaatake sa atay at nauuwi sa seryosong pamamaga ng atay at pagkasira.

**Tuberculosis (TB)** – Mga sunod-sunod na screening upang masuri ang panganib ng TB. Ang tuberculosis ay isang sakit na sanhi ng baktirya na maaaring umatake sa baga, kidney, spine, at utak. Kapag may panganib na magkasakit ng TB ang iyong anak, maaaring magsagawa ng pagsusuri sa dugo o balat upang malaman ito.

**Dyslipidemia** – Mga sunod-sunod na screening para sa taba (lipid) sa dugo, na mayroong pagsusuri sa dugo na isasagawa sa pagitan ng 9-11 taong gulang upang alamin kung matataas o hindi ang balanse ang taba.

**Anemia** – Mga sunod-sunod na screening, na mayroong pagsusuri sa dugo na isasagawa sa mga edad na 12 buwan, upang masuri ang panganib ng mababang bilang ng blood cell. Maaaring maging sanhi ito ng kakulangan ng oxygen at puwede kang makadama ng pagod at panghihina dahil dito.

**Pagsusuri sa Paggamit ng Tobacco, Alkohol, o Droga** – Isang screening sa paggamit ng substance para sa mga bata na 12-20 taong gulang. Susuriin nito kung may mga panganib ang paggamit ng mga substance na ito, para makagawa ng mga referral ang doktor upang tulungan ang iyong anak sa paghinto kung kinakailangan.

**Screening Para sa Depresyon** – Isang screening upang tukuyin, suriin at pangasiwaan ang depresyon sa mga kabataang 12-20 taong gulang.

**Screening sa Panganib ng Suicide** – Isang screening upang matukoy ang mga pagkilos o emosyon na maaaring palatandaan ng panganib ng suicide. Pagkatapos, maaaring magsagawa ng mga referral ang iyong doktor upang tulungan ang iyong anak.

**Mga Impeksyong Naililipat sa Pagtatalik** – Isang screening upang matukoy ang panganib ng mga impeksyong naililipat sa pagtatalik kasama ang syphilis, chlamydia, gonorrhea at herpes. Pagkatapos, maaaring i-test at gamutin ng iyong doktor ang iyong anak kung kinakailangan.

**HIV** – Isang screening na isasagawa sa pagitan ng mga 11 at 20 taong gulang upang matukoy ang panganib ng HIV virus na umaatake sa immune system ng katawan. Pagkatapos ng screening, dapat i-test ang mga teenager na mayroong panganib ng HIV. Kapag hindi nagamot ang HIV, maaaring mauwi ito sa AIDS.

**Biglaang Cardiac Arrest/ Kamatayan** – Isang pagsusuri sa panganib ng biglaang cardiac arrest at biglaang cardiac na kamatayan sa mga batang 11-20 taong gulang. Kung may anumang alalahanin tungkol dito, puwedeng magsagawa ng referral ang doktor sa isang heart specialist para sa karagdagang testing.

**Screening sa Eating Disorder** – Isang screening na isasagawa sa pagitan ng 10 hanggang 20 taong gulang upang matukoy ang mga eating disorder. Maaaring mapanganib ang mga ito at puwede pang maging sanhi ng kamatayan.

**Well Exam ng Teenager** - Kapag naging teenager na ang iyong anak, binibigay ang espesyal na atensyon para sa mahahalagang suliranin ng mga teenager. Kabilang dito ang mga paksang gaya ng pag-aalam ng kanilang kalagayan sa eskwelahan, masaya ba sila o depress at mga tanong tungkol sa paggamit ng tobacco, droga at alkohol. Normal lamang na hilingin ka ng doktor na maghintay sa labas para sa unang bahagi ng pagbisita, at pagkatapos isasali ka upang mapag-usapan ninyo ng iyong teenager ang anumang bagay na dapat pag-usapan nang magkasama.

Upang makatanggap ng impormasyong ito sa napili mong wika at ma-access na format, tumawag sa Member Services. Makikita ang number sa likod ng iyong ID card.



# Mga Tagubilin sa Paglaki at Pananatiling Malusog

(11 hanggang 20 Taong Gulang)

MolinaHealthcare.com

32133BROMDCATL
231207

MOLINA HEALTHCARE

# Mga Tagubilin sa Paglaki at Pananatiling Malusog (11- 20)

Ang pagpapalaki ng teenager ay maaaring isang malaking trabaho! Maaaring nakalilito kung kailan sila kailangang dalhin sa doktor. Sundin ang guide na ito upang tulungan ang iyong anak na lumaking malusog!



| | 11 Taon | 12 Taon | 13 Taon | 14 Taon | 15 Taon | 16 Taon | 17 Taon | 18 Taon | 19 Taon | 20 Taon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Tetanus, Diphtheria, Pertussis (TDap) | Ika-1 Dose | | | | | | | | | |
| Meningococcal na Bakuna | Ika-1 Dose | | | | | Ika-2 Dose | | | | |
| Trangkaso (Flu) | Shot sa Trangkaso- Isang Beses Kada Taon - Panahon ng Trangkaso | | | | | | | | | |
| Human Papilloma Virus (HPV) | | | | | | Ika-2 Dose | | | | |
| Hepatitis B | Screening Isang Beses Kada Well Exam | | | | | | | | | |
| Hepatitis C | | | | | | | | Screening Isang Beses Kada Well Exam | | |
| Tuberculosis | Screening Isang Beses Kada Well Exam | | | | | | | | | |
| Dyslipidemia | Screening Isang Beses Kada Well Exam - Na-test sa pagitan ng 17-20 taong gulang | | | | | | | | | |
| Anemia | Screening Isang Beses Kada Well Exam | | | | | | | | | |
| Pagsusuri sa Paggamit ng Tobacco, Alkohol, o Droga | Screening Isang Beses Kada Well Exam | | | | | | | | | |
| Screening Para sa Depresyon | | Screening Isang Beses Kada Well Exam | | | | | | | | |
| Screening sa Panganib ng Suicide | | Screening Isang Beses Kada Well Exam | | | | | | | | |
| Mga Impeksyong Naililipat sa Pagtatalik | Screening Isang Beses Kada Well Exam | | | | | | | | | |
| HIV | Screening Isang Beses Kada Well Exam - Na-test sa pagitan ng 15-20 taong gulang | | | | | | | | | |
| Biglaang Cardiac Arrest/Kamatayan | Screening Isang Beses Kada Well Exam | | | | | | | | | |
| Screening sa Eating Disorder | Screening Isang Beses Kada Well Exam | | | | | | | | | |
| Well Exam | Well Teen Exam - Isang Beses Kada Taon | | | | | | | | | |

Mayroon ka bang mga tanong? Tumawag sa aming 24-oras na Nurse Advice Line: Ingles: (888) 275-8750 | Tagalog: (866) 648-3537 | TTY (Ingles at Tagalog): 711